Republic of the Philippines
Province of Bulacan
Municipality of Marilao

Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan

SIPI SA KATITIKAN NG PANGKAGIPITANG/DAGLIANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG MARSO 12, 2018

MGA DUMALO:

Kgg. Henry R. Lutao ---------- Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

MGA KONSEHAL

Kgg. Jun Bob J. Dela Cruz
Kgg. Arnold T. Papa
Kgg. Wilfredo D. Diaz
Kgg. Ariel P. Amador
Kgg. Eduardo S. Gabriel (Ex-Officio, Liga)
Kgg. Divina E. Reyes
Kgg. Irma G. Celones
Kgg. Mark Joseph L. Guillermo
Kgg. Maria Luisa I. Silvestre

KAPASIYAHAN BLG. 2018 – 35

Ipinanukala ni Konsehal Wilfredo D. Diaz at pinangalawahan ng lahat ng Konsehal ng Sangguniang Bayan na dumalo.

KAPASIYAHAN
NA PINAGTITIBAY ANG PAGTATALAGA SA TUNGKULIN NI KGG. MA LOURDES I. SAN ANDRES, TAGAPANGULO NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BARANGAY LOMA DE GATO AT BAGONG PANGULO NG LIGA NG MGA BARANGAY NG MARILAO, BILANG BAGONG KASAPING *EX OFFICIO* NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, BULACAN.

SAPAGKAT, nagbitiw sa tungkulin bilang Pangulo ng Liga ng mga Barangay sa Marilao si KGG. EDUARDO S. GABRIEL, Tagapangulo ng Sangguniang Barangay ng Barangay Lambakin, na nagkabisa noong ika-12 ng Marso 2018;

SAPAGKAT, ang naturang pagbibitiw sa tungkulin ni KGG. EDUARDO S. GABRIEL bilang Pangulo ng Liga ng mga Barangay at Kasaping *Ex Officio* ng Sangguniang Bayan ng Marilao ay tinanggap ng Sangguniang Bayang ito sa pamamagitan ng Kapasiyahan Blg. 2018-34 noong ika-12 ng Marso 2018;

SAPAGKAT, alinsunod sa Seksyon 45 (d) ng Batas ng Pamahalaang Lokal (RA 7160), "[k]ung ang pagkakabakante ay sa pagkakinatawan ng mga kabataan at ng barangay sa sanggunian, ang nasabing pagkakabakante ay awtomatikong pagpupunan ng pinunong sumusunod sa ranggo ng kinauukulang samahan."

x x x x

PANGKARANIWANG PULONG
KAPASIYAHAN BLG. 2018 – 35

SAPAGKAT, dahil sa naturang pagbibitiw sa tungkulin ni KGG. EDUARDO S. GABRIEL, si KGG. MA. LOURDES I. SAN ANDRES, Tagapangulo ng Sangguniang Barangay ng Barangay Loma de Gato at Pangalawang-Pangulo ng Pambayang Liga ng mga Barangay sa Bayan ng Marilao, ang siya ngayong bagong Pangulo ng naturang samahan, kung kaya't alinsunod sa binanggit na Seksiyon 45 (d) na kaugnay ang Seksiyon 41 (b) ng naturang batas, si KGG. MA. LOURDES I. SAN ANDRES na ang awtomatikong manunungkulan bilang Kasaping *Ex Officio* ng Sangguniang Bayan ng Marilao, Bulacan na Kumakatawan sa Liga ng mga Barangay;

SAPAGKAT, si KGG. MA. LOURDES I. SAN ANDRES ay nanumpa sa tungkulin bilang bagong Pangulo ng Liga ng mga Barangay sa Marilao noong ika-12 ng Marso 2018 sa harap ng Punong Bayan, KGG. JUANITO H. SANTIAGO;

DAHIL DITO, IPINASIYA, GAYA NG NGAYON AY GINAGAWANG PAGPAPASIYA, ng Sangguniang Bayan, na pagtibayin, at dito ay pinagtitibay, ang pagtatalaga sa tungkulin ni KGG. MA. LOURDES I. SAN ANDRES bilang bagong Kasaping *Ex Officio* ng Sangguniang Bayan ng Marilao, Bulacan;

IPINASIYA DIN, na padalhan ng mga sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Punong Bayan, Tanggapan ng Pangasiwaang Pantao, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Sangay ng Marilao at Pambayang Pederasyon ng mga Sangguniang Kabataan ng Marilao para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY, MARSO 12, 2018.

PINAMUNUAN:

HENRY R. LUTAO
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

PINATOTOHANAN:

EDGAR P. RAMIREZ
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY: March 13, 2018
Petsa

JUANITO H. SANTIAGO
Punong Bayan